Disability Rights California
California's Protection & Advocacy System
Toll-Free (800) 776-5746

Pagsasampa ng Paghahabol Laban sa Gobyerno sa Ilalim ng Batas ng California Ukol sa Paghahabol Para sa Pinsala

August 2001, Pub #5229.01

1. Panimula

Sa California, bago mo maihabla ang isang pampublikong institusyon (isang institusyon ng estado, county o lokal na gobyerno) o isang empleyado ng gobyerno para sa mga perang bayad-pinsala, dapat kang magsampa ng isang paghahabol na nakakatugon sa mga iniaatas ng Batas ng California Ukol sa Paghahabol Para sa Pinsala. Mga seksiyon 810-996.6 ng Kodigo ng Gobyerno ng California. May kaunti lamang na hindi saklaw, walang habla para sa mga perang bayad-pinsala na maaaring dalhin laban sa isang institusyon ng gobyerno maliban kung isang nakasulat na paghahabol ang wastong isinampa sa loob ng anim na buwang takdang panahon. Kaya, kahit napinsala ka ng gobyerno at walang balak maghabla sa kasalukuyan, dapat mo pa ring isaalang-alang ang pagsasampa ng paghahabol upang protektahan ang iyong mga karapatan at upang panatilihing may karapatan kang maghabla kung gugustuhin.

Ang Batas ng California Ukol sa Paghahabol Para sa Pinsala ay nagtatakda ng mga pamamaraang dapat mong sundin kapag nagsasampa ng paghahabol laban sa gobyerno para sa mga perang bayad-pinsala. Ang ulat na ito ay naglalarawan ng pinakamahalagang bahagi ng Batas na ito. Ang ulat na ito ay batay sa mga batas na may-bisa sa petsa ng pagkakasulat, na, siyempre, napapailalim sa pagbabago.

Gayon din, depende sa uri ng aksiyon na dinala mo, may ibang mga pamamaraan at takdang panahon na ginagamit. Inirerekomenda namin na kausapin mo ang iyong abugado na espesyalista sa kaugnay na lugar ng batas (halimbawa, personal na pinsala o maling gawaing medikal) upang makakuha ng mas tiyak na impormasyon tungkol sa mga maaaring maging paghahabol at mga takdang panahon.

2. Kapag ang paghahabol ay kailangan

Maaari mong piliing ihabla ang gobyerno sa iba-ibang dahilan. Ang ilang dahilan ay maaaring ang isang institusyon ng gobyerno ay lumabag sa iyong mga karapatan, o responsable sa isang kamatayan, pinsala ng katawan, o pinsala ng ari- arian. Kung nasaktan ka ng gobyerno, ang ginawa sa iyo ay tinatawag na "pinsala." Ang taong nagsasampa ng “paghahabol para sa pinsala,” karaniwang ang taong napinsala ay tinatawag na “naghahabol.” Sa karamihan sa mga kaso, ikaw, bilang naghahabol, ay dapat magsampa ng isang paghahabol para sa pinsala kung nagtatangka kang makakuha ng pera o “bayad-pinsala” mula sa institusyon ng gobyerno. Mga seksiyon 905, 905.2 ng Kodigo ng Gobyerno.

3. Sino ang maaaring magsampa ng paghahabol

Maaari kang magsampa ng paghahabol laban sa isang institusyon ng gobyerno para sa iyo o para sa ibang taong napinsala. Mga seksiyon 910, 910.2 ng Kodigo ng Gobyerno. Sa “pinsala” ay kabilang hindi lamang ang pinsala ng katawan, kundi ang pinsala rin sa personal na ari-arian (mga pag-aari) at mga paglabag sa mga protektadong karapatan.

4. Paano magsasampa ng isang paghahabol

Maaari kang magsampa ng paghahabol laban sa isang institusyon o empleyado ng county o lokal na gobyerno nang tuwiran sa lupong tagapamahala o klerk ng institusyon. Maaari mong ihatid ang paghahabol nang personal o sa pamamagitan ng koreo. Seksiyon 915(a) ng Kodigo ng Gobyerno.

Maaari kang magsampa ng isang paghahabol laban sa estado o ahensiya o empleyado ng estado sa State Board of Control (SBC), sa pamamagitan ng paghahatid nito sa alinmang lokal na opisina ng SBC o sa pamamagitan ng pagpapakoreo nito sa pangunahing opisina. Seksiyon 915(b) ng Kodigo

ng Gobyerno. Ang address para sa pangunahing opisina ng SBC sa Sacramento ay:

State Board of Control Government Claims Branch
P.O. Box 3035
Sacramento, CA 95812-3035.
(916) 323-3564 (boses)
(916) 323-5768 (fax)

Maaari kang humingi ng form ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa walang-bayad na numero ng SBC na 1-800-955-0045, o maaari kang mag- download nito sa web site ng SBC sa www.boc.cahwnet.gov/GovClms.htm.

Kung personal mong inihatid ang paghahabol, ang petsa ng pagsasampa ay ang petsa ng paghahatid. Kung ipinadala mo sa koreo ang paghahabol, ang petsa ng pagsasampa ay petsa ng pagpapakoreo – hindi ang petsa kung kailan natanggap ng institusyon ang paghahabol.

Kung ipinasiya mong ipakoreo ang paghahabol, inirerekomenda namin na ipakoreo mo ito sa pamamagitan ng sertipikadong koreo na may hinihiling na resibong ibabalik. May mga intitusyon ng gobyerno na may sariling mga pormularyo ng paghahabol. Kontakin ang mga ito upang makakuha ng nasabing pormularyo.

Kapag isinama mo ang lahat ng iniaatas na impormasyon (tingnan ang nasa ibaba), gayunman, hindi mo kailangang gamitin itong partikular na form ng institusyon.

5. Mga nilalaman ng paghahabol

Alinsunod sa seksiyon 910 ng Kodigo ng Gobyerno, ang isang paghahabol laban sa isang institusyon ng gobyerno ay dapat maglaman ng mga sumusunod:

A. Iyong pangalan (pangalan ng naghahabol) at address na pangkoreo;

B. Ang address na pangkoreo kung saan mo gustong tumanggap ng mga paunawa o pasabi;

C. Ang petsa, lugar, at mga pangyayari na naging dahilan ng paghahabol (ilarawan kung ano ang nangyari at paano ka napinsala);

D. Isang pangkalahatang paglalarawan ng pinsala o kawalan;

E. Ang (mga) pangalan ng (mga) empleyado ng gobyerno na naging dahilan ng pinsala, kung kilala;

F. Kung ang halaga ay kulang sa $10,000, ang dolyar na halaga ng hinahabol (kabilang ang tantiya ng pinsala sa hinaharap) at ang batayan para sa pagkuwenta ng halaga; at

G. Kung ang halaga ay higit sa $10,000, hindi mo kailangang magtakda ng isang ispesipikong halaga sa pormularyo ng paghahabol. Dapat mo, gayunman, na sabihin kung ang kaso ay magiging isang “limitadong kasong sibil.” Seksiyon 910(f) ng Kodigo ng Gobyerno at mga seksiyon 85, 86 ng Kodigo ng Sibil na Pamamaraan ng California.

Ang isang kaso ay “limitadong kasong sibil” depende sa halaga ng perang bayad- pinsala na hinihingi mo at kung ano ang hinihingi mo sa institusyon ng gobyerno. Pangkaraniwan, ang isang kaso ay limitadong kasong sibil kung ang halaga ng perang hinihingi mo ay kulang sa $25,000 (hindi kasama ang mga makatwirang bayad at gastos sa abugado) at hindi ka humihingi ng alinman sa mga sumusunod:

1. Isang permanenteng pag-uutos (isang utos ng hukuman na iginawad pagkatapos ng pangwakas na pagdinig na nag-uutos o pumipigil sa institusyon ng gobyerno na gawin ang aksiyon na inirereklamo);

2. Isang pagpapasiya sa titulo ng tunay na ari-arian;

3. Pagpapatupad ng utos sa ilalim ng Kodigo sa Pamilya; o

4. Pahayag ng kaluwagan (hinihiling sa hukuman na gumawa ng isang pahayag na nagtatatag ng mga karapatan at ibang legal na kaugnayan ng mga partido nang hindi nag-uutos ng

pagpapatupad), maliban sa ipinahihintulot ng seksiyon 86 ng Kodigo ng Sibil na Pamamaraan.

Seksiyon 580 ng Kodigo ng Sibil na Pamamaraan.

6. Mga Takdang Panahon

Ang Batas ng California Ukol sa Paghahabol Para sa Pinsala ay nagtatakda ng mahihigpit na takdang panahon na dapat mong sundin kapag nagsasampa ng isang paghahabol laban sa institusyon ng gobyerno. Dapat kang magsampa ng isang paghahabol para sa personal na pinsala (isang base sa kamatayan, pinsala ng katawan, o pinsala sa personal na ari-arian) sa loob ng anim na buwan pagkaraan ng petsa ng pinsala. Seksiyon 911.2 ng Kodigo ng Gobyerno.

Kung hindi mo alam ang dahilan ng pagsasampa ng paghahabol sa oras ng pinsala (halimbawa, sa ilang mga kaso ng maling gawaing medikal), ang anim na buwan ay nagsisimula sa panahon nang maunawaan mo, o dapat maunawaan, ang dahilan. Tingnan, halimbawa, ang Whitfield v. Roth (1974) 10 C.3d 874, 112 Cal Rptr 540.

7. Mga huling paghahabol

Kung minsan ang isang naghahabol ay naghihintay nang mas matagal sa anim na buwan upang magsampa ng paghahabol sa personal na pinsala. Ang batas ay tinatrato ang dalawang uri ng paghahabol sa magkaibang paraan: ang mga paghahabol na simpleng isinampa nang huli at mga paghahabol na isinampa nang huli, pero may kasamang “aplikasyon para sa huling pagsasampa.”

Kung hindi ka nagsampa ng paghahabol para sa personal na pinsala sa loob ng anim na buwan pagkatapos kang mapinsala, maaari kang mawalan ng pagkakataong magsampa ng habla maliban kung sumulat ka sa institusyon ng gobyerno at “nag-aplay” na pahintulutang magsampa ng huling paghahabol.

Seskiyon 911.4(a) ng Kodigo ng Gobyerno. Sa iyong liham, dapat mong sabihin ang (mga) dahilan kung bakit hindi nagsampa ng paghahabol sa loob ng anim na buwan mula sa petsa ng pinsala, at dapat mong isama

ang isang aktuwal na paghahabol. Seksiyon 911.4(b) ng Kodigo ng Gobyerno. May apat na balidong dahilan para sa huling paghahabol:

1. Pagkakamali, pagkalingat, sorpresa o maipagpapaumanhing kapabayaan;

2. Pagiging menor (ang naghahabol ay menor-de-edad sa buong anim na buwang panahon);

3. Kakulangan ng kakayahan ng katawan o isipan; at

4. Kamatayan ng naghahabol.

(Tingnan ang seksiyon 911.6(b) ng Kodigo ng Gobyerno)

Dapat kang sumulat sa pampublikong institusyon sa loob ng isang makatwirang panahon na hindi lalampas sa isang taon mula sa petsa ng pinsala upang mag-aplay ng pahintulot na magsampa nang huli. Seksiyon 911.4(b) ng Kodigo ng Gobyerno.) Ang “pagkamakatwiran" ng pagkaantala ay pinagpapasiyahan batay sa kaso, at sa isang kaso kahit ang maikling pagkaantala ay maaaring ituring na hindi makatwiran. Dapat ka kung gayon mag-aplay ng pahintulot upang magsampa nang huli sa lalong madaling panahon.

8. Ano ang mangyayari sa sandaling isampa ang paghahabol

Pagkatapos mong isampa ang paghahabol ang lupon[1] ay dapat sumagot (magpahintulot o tanggihan ang paghahabol nang buo o bahagi) sa loob ng 45 araw. Kung ang lupon ay hindi sumagot, ang paghahabol ay itinuturing na tinanggihan sa ika-45 na araw. Mga seksiyon 912.6(a), 912.4(c) ng Kodigo ng Gobyerno.

---

[1] Ang seksiyon 900.2 ng Kodigo ng Gobyerno ay nagbibigay-kahulugan sa “lupon” bilang:
(a) Sa kaso ng lokal na pampublikong institusyon, ang lupong namamahala ng lokal na pampublikong institusyon at
(b) Sa kaso ng Estado, ang State Board of Control

9. Paghahabla sa institusyon ng gobyerno kapag tinanggihan ang paghahabol

Dapat kang pasabihan ng lupon ng aksiyon nito sa paghahabol (o sa pagtanggi nito sa pamamagitan ng hindi pagkilos). Kapag tinanggihan ng lupon ang paghahabol sa kabuuan o bahagi, mayroon kang anim na buwan mula sa petsa ng pagpapakoreo sa iyo ng pasabi na magsampa ng habla laban sa institusyon ng gobyerno. Mga seksiyon 913, 945.6(a)(1) ng Kodigo ng Gobyerno.

Kapag hindi ka pinasabihan ng lupon ng aksiyon (o hindi pag-aksiyon) nito, ang nasabing hindi pagpapasabi ay itinuturing na isang pagtanggi sa paghahabol (gaya ng tinalakay sa itaas) at mayroon kang dalawang taon mula sa petsa ng pinsala upang magsampa ng habla. Seksiyon 945.6(a)(2) ng Kodigo ng Gobyerno.

Kung hindi mong nagawang magsampa ng habla sa loob ng itinakdang panahon dahil ikaw ay nasa bilangguan, dapat kang magsampa ng habla sa loob ng anim na buwan pagkatapos mabawi ang karapatang gawin ito (pagkalabas ng bilangguan). Seksiyon 945.6(b) ng Kodigo ng Gobyerno.

Muli, gaya ng ipinaliwanag sa itaas, ang ibang mga takdang panahon at pamamaraan ay maaari ring gamitin sa uri ng iyong kaso, kaya inirerekomenda namin na makipag-usap ka sa isang abugado upang makakakuha ng karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa iyong kalagayan.

Disability Rights California is funded by a variety of sources, for a complete list of funders, go to http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.